Saint John School

San Juan, San Ildefonso, Bulacan

IKATLONG LAGUMANG PAGSUSULIT SA EPP IV

IKATLONG KUWARTER

Pangalan: _____ **Iskor:** _____

Guro: **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** _____

I. Isulat ang tamang sagot sa patlang. (2puntos)

_____1. Ito ay ginagamit sa pag-aayos ng tuyong buhok.

_____2. Ito ay ginagamit sap ag-aayos ng basang buhok.

_____3. Ito ay maliit na tuwalyang ginagamit na pangkuskos sa iba't-ibang bahagi ng katawan upang maalis ang mga duming kumapit at nakadikit dito.

_____4. Ito ay mga duming nakakapit sa katawan ay mas madaling alisin kung gagamitan ng sabon.

_____5. Ito ay ginagamit na pamutol ng mahabang kuko.

_____6. Ito ay ginagamit sa paglilinis ng tainga.

_____7. Ito ay kadalasang tinatawag na uniporme. Ito ay ginagamit lamang sa pagpasok sa eskuwela.

_____8. Ito ay simpleng damit na may payak na disenyo at tabas, karaniwang may manggas, at may tamang haba.

_____9. Ito ay tumutulong sa pagtanggal ng mga duming nakadikit sa buhok at nagpapanatili ng dulas at kintab nito.

_____10. Ito ay mga payak na kasuotang ginagamit habang nasa bahay at nagsasagawa ng mga gawain tulad ng paglilinis ng bahay at bakuran, paglalaba, pag-aayos ng hardin at pagdidilig ng halaman.

_____11. Ito ay ginagamit upang punasan at tuyuin ang mga basing bahagi ng katawan.

_____12. Ito ay ginagamit kasama ng sepilyo. Sa tulong ng toothpaste magkakaroon ng kanais-nais na pakiramdam ang bibig at mananatiling mabango ang hininga.

LIVEWORKSHEETS

_____13. Ito ay maaaring pajama, duster, o lumang damit na may manipis at malambot na tela na magdudulot ng ginhawa habang natutulog at namamahinga.

_____14. Ito ay kadalasang binubuo ng sando o T-shirt at short para sa mga babae at lalaki.

_____15. Ito ay may iba't-ibang laki at sukat na naaayon sa iba't-ibang uri ng tatahiin.

_____16. Ito ay ginagamit na proteksiyon sa daliri ng kamay habang nananahi. Ito ay maaaring yari sa plastik o nickel na isinusuot sa gitnang daliri.

_____17. Ito ay gamit na panlinis at panghasa ng aspili at karayom.

_____18. Ito ay ginagamit sa pagkuha ng sukat ng tela o katawan ng itatahi ng damit gamit din ito sa paggawa ng padron.

_____19. Ito ay gunting na maliit at maikli na ginagamit na pamutol ng sinulid habang nananahi o nagbuburda.

_____20. Ito ang ginagamit na tusukan ng aspili at karayom matapos gamitin upang hindi mawala.

_____21. Ito ay malakarayom na gamit sa pananahi. May tulis ang isang dulo at ulo naman ang kabila. Yari ito sa asero at may iba't-ibang laki o haba.

_____22. Ito ay ang pangmarkang ginagamit kung nananahi. Kulay dalandan ito na may anyong lapis o hugis kuwadrado.

_____23. Ito ay maaaring isang kahon, lata, o basket na may katamtamang laki at sapat na lalagyan ng mga gamit panahi.

_____24. Ito ay gamit sa pagsusukat g mga lupi o mga maliliit na bahagi ng damit.

_____25. Ito ay binubuo ng ama, ina, ate, kuya, bunso, tito, tita, lolo, lola at mga pinsan.

II. Ibigay ang tatlong uri ng karayom.

26.

27.

28.

LIVEWORKSHEETS

Magbigay ng labing-dalawa (12) na kagamitan sa pananahi.

29.	34.	39.
30.	35.	40.
31.	36.	
32.	37.	
33.	38.	

III. **Sa loob ng tahanan dapat ba tayong magmahalan? Ipaliwanag?** (5 puntos) 41-45.

_____

_____

_____

Sa iyong palagay paano ba tayo tumatanggap ng panauhin o bisita sa ating sariling tahanan? Ipaliwanag (5 puntos) 46-50.

_____

_____

_____

Kung ikaw ay may kasamang lola o lolo sa loob ng tahanan sa paanong paraan mo sila aasikasuhin o aalagaan? (5 puntos) 51-55.

_____

_____

_____

LIVEWORKSHEETS